Oktubre 29, 2019

Sa: Mga Kinauukulang Punong Guro ng
Pampublikong Paaralang Elementarya
(Sa pamamagitan ng Tagamasid Pampurok)

Kalakip po nito ang liham mula kay Gng. Felicisima L. Mungcal, *Local DRRM Officer* ng *PDRRMO-Bulacan Rescue* na may petsang Oktubre 28, 2019, hinggil sa kanilang isasagawang taunang *Brigada Eskwela Plus* kung saan, ang mga sumusunod na paaralan ay nakatakda nilang puntahan bilang kanilang beneficiaries:

| Paaralan | Petsa |
|---|---|
| A. Camachin Elementary School<br>Distrito ng Doña Remedios Trinidad | Disyembre 5, 2019<br>9:00 ng umaga |
| B. Salambao Elementary School<br>Distrito ng Obando | Disyembre 6, 2019<br>9:00 ng umaga |
| C. Pulong Gubat Elementary School<br>Distrito ng Guiguinto | Disyembre 6, 2019<br>2:00 ng hapon |

Ang mga takdang layunin ng nasabing gawain ay maliwanag na nasasaad at matutunghayan sa nabanggit na liham.

Inaasahan ang kooperasyon ng bawat guro, magulang at kawani ng paaralang mabibiyayaan para sa pagsasagawa ng maikling programa, oryentasyon, paglilinis, at paghahandog ng mga munting pamasko sa limampung (50) mag-aaral na mairerekomenda ng Punong Guro upang tumanggap nito.

Para sa impormasyon, kagabayan, pakikiisa at pagtalima ng lahat ng kinauukulan.

Lubos na sumasainyo,

**GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Liham Pansangay Bilang 221, s. 2019

Republika ng Pilipinas
LALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

DepEd-SDO of Bulacan Office
RECEIVED
OCT 29 2019
By:
Time: 11:2

# PROVINCIAL DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT OFFICE

Oktubre 28, 2019

SDO OF BULACAN
RECEIVED
OCT 29 2019

**BB. GERMELINA H. PASCUAL, CESO V**
*Schools Division Superintendent, DepEd – Schools Division of Bulacan*
Lungsod ng Malolos, Bulacan

Mahal na **Bb. Pascual**:

Taon-taon, ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng *PDRRMO – Bulacan Rescue* ay nakikiisa sa programang Brigada Eskwela *Plus.* Layunin ay makapagbigay ng oryentasyon sa *First Aid, Fire Safety, Safety Briefing,* at *Climate Change Adoptation* sa mga magulang, guro at mag-aaral ng mga mapipiling paaralan. Gayundin ang Pamahalaang Panlalawigan ay mamimigay ng *rescue tools* gaya ng *trauma bag, first aid kit, burn kit, LED flashlight* at *whistle* sa mga paaralang magiging *beneficiary* para sa taong ito. Dagdag pa rito ang pagbibigay ng boluntaryong serbisyo sa paglilinis at pagsasaayos ng kapaligiran ng paaralan at paghahandog ng kaunting regalo para sa 50 mag-aaral na irerekomenda ng Puno ng Guro na karapat-dapat na tumanggap nito.

Sa taong ito, batay sa isinagawang ebalwasyon, ang mga sumusunod na paaralan ang napiling *beneficiaries*:

| PAARALAN | PETSA |
|---|---|
| A. Camachin Elementary School<br>Doña Remedios Trinidad Bulacan | Disyembre 5, 2019<br>Ika-9 ng umaga |
| B. Salambao Elementary School<br>Bulacan | Disyembre 6, 2019<br>Ika- 9 ng umaga |
| C. Pulong Gubat Elementary School<br>Guiguinto, Bulacan | Disyembre 6, 2019<br>Ika-2 ng umaga |


Maraming salamat po.

Sumasainyo,


**FELICISIMA L. MUNGCAL**
Local DRRM Officer

PDRRMO
RELEASED
Control No.: 10292019-501
Date : 10-29-2019

owd_lanie_letterBRIGplus19



*PDRRM Operation Center, Capitol Compound, Guinhawa, City of Malolos, Bulacan 3000*
*Telephone No.:791-0566*
*Telefax: 794-9853*
*Email Address: bulacan_rescue@yahoo.com*



Daniel R. Fernando
Punong Lalawigan
Wilhelmino M. Sy-Alvarado
Pangalawang Punong Lalawigan